Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

23 Hulyo 2024

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 150, s. 2024**

**PAGPAPAIGTING NG IMPLEMENTASYON SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO (ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 335)**

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid ng SGOD at CID
Mga Tagamasid Pansangay ng Programang Pang-edukasyon
Mga Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Punong Guro at Namumunong Guro sa Antas Elementarya at Sekondarya
Sa Iba pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa Atas Tagapagpaganap Blg. 335, Serye 1988 na nag-aatas sa mga ahensiya ng pamahalaan na gamitin ang wikang Filipino bilang opisyal na wika ng komunikasyon, transaksiyon, at korespondensiya sa serbisyo publiko, isinusulong ng Kagawaran ng Edukasyon-Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon ang pagpapaigting ng implementasyon sa paggamit ng Wikang Filipino. Ito ay pagtalima rin sa itinadhana ng 1987 konstitusyon, **Artikulo XIV, Seksiyon 7**, na nagsasaad na para sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino, at hangga't walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles.

2. Layunin nito na maiangat at mapalawig ang paggamit ng wikang Filipino sa lalong ikabubuti ng serbisyo ng tanggapan. Gayunpaman, hindi nalilimita o pinipigilan ang paggamit ng iba pang wika.

3. Upang maging maayos ang pagsasakatuparan ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335 sa bawat tanggapan/paaralan/sentro ng pagkatuto, iminumungkahi ang pamamaraan sa pagsasagawa nito:

Komplex Pampalakasan ng Balogo, Balogo,
Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
CIP 5461/21/05/1163

a. Pagsasalin sa Filipino ng mga pangalan ng tanggapan
b. Pagpapaskil ng naka-Filipinong Misyon at Bisyon, Gabay ng Mamamayan, at mga Pangalan ng Tanggapan sa lahat ng mandatory post ng paaralan
c. Opisyal na ginagamit ang naka-Filipinong Ulong Sulat at Selyo sa mga korespondensiya opisyal na nakasulat sa nabanggit na wika
d. Paggamit ng wikang Filipino sa:
*plano ng mga gawain at ulat ng estado ng nagawa sa wikang Filipino
*liham, pormularyo sa mga kliyente at kawani, memorandum, pabatid, madalas itanong (FAQs), poster, brochure, at katulad na materyales, dihital man o limbag
*opisyal na website at mga social media ng paaralan

4. Ang mga gugulin sa gawain sa bawat paaralan na may kaugnayan sa pagsasakatuparan ng EO 335 ay manggagaling sa pondong lokal at/o iba pang pondong pampaaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri na naaayon sa mga ipinapatupad na tuntunin at regulasyon ng akawnting.

5. Kalakip ng Memorandum na ito ang nakasalin sa Filipinong Bisyon, Misyon, at Pangunahing Halagahan ng DepEd, at Quality Policy. Gayundin, ang RM 133, s. 2022.

6. Para sa inyong kaalaman, patnubay at kaukulang aksiyon.

**WILLIAM E. GANDO, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

*CID: GQT/sav*